# *Pagsusukat ng Bilang o Dami*

## Pagpipilian

Hilingin sa inyong anak na pumili ng isa o higit pa sa mga aktibidad na ipinapakita sa ibaba. Ang pagpili at pagsasagawa nito ay mahahalagang kasanayan para sa kognitibo at emosyonal na pag-unlad. **Pumili mula sa sumusunod na mga aktibidad para malaman kung ano ang nalalaman ng inyong anak tungkol sa pagsusukat ng bilang o dami.**

### Mga Dapat Itanong:

- Gamitin ang sumusunod na mga aktibidad para makita kung ilang bagay ang kayang bilangin ng inyong anak para makagawa ng isang pangkat. Ilang bagay ang kayang bilangin nang tumpak ng bata?
- Kapag binigyan ng mas maraming pangkat ng mga bagay, kaya ba ng bata na sabihin sa inyo kung alin ang mas marami o mas kaunti?

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Mga Mungkahi sa Pamilya:** Pag-usapan ang mas marami, mas kaunti, at pareho lang para sa pang-araw-araw na mga gamit at gawain. Hikayatin ang mga bata na sabihin kung ilan ang lahat, ilan ang mas marami, ilan ang mas kaunti para sa pang-araw-araw na mga bagay. | **Sino Ang Mayroong Mas Marami/Mas Kaunti?** Humanap ng maliit na pangkat ng mga bagay na kasya sa kamay ng bata (mga bato, maliliit na bloke). Kumuha ang bawat isa sa inyo ng isang dakot nito at pag-usapan ninyo kung sino ang mayroong mas marami/mas kaunti. Bilangin ang mga bagay mula sa bawat kamay ninyo. Puwede ring gamitin ng mga bata ang sarili nilang mga kamay. | **Ano Ang Mahahanap Mo Sa Labas?** Maghanap ng mga bagay sa labas na maaaring bilangin (mga bato, patpat, acorn) sabihin sa bata na praktisin ang pagbibilang ng mga bagay habang inililipat ang mga ito mula sa isang lugar patungo sa iba pang lugar. | **Mga Tao/Hayop sa Inyong Tahanan:** Paghambingin ang mga uri ng mga tao/hayop sa inyong tahanan (mga bata/matatanda, mga tao/hayop) at pag-usapan kung sino ang mayroong mas marami, mas kaunti, at kung ilan ang lahat. Halimbawa: 3 tao at 2 alagang hayop = 5 lahat. Mas marami ang mga tao at mas kaunti ang mga alagang hayop. |
| **Pagtulong sa Buong Bahay:** Habang inaayos mo | **Alugin at Itapon:** Maglagay ng 5-10 barya sa isang maliit | **Pagpapagulong ng Dice:** Magpagulong ng dalawang dice. | **Paghahagis sa Tasa:** Maghagis ng maliliit na bagay katulad ng |

| | | | |
|---|---|---|---|
| ang lamesa, o anumang gawain sa bahay, sabihin sa bata na tulungan kayong bilangin ang mga bagay. Itanong ang kagaya ng sumusunod: "Ilan ang kailangan natin?" "Sapat ba ang mayroon tayo?" "Ilan pa ang kailangan natin?" | na tasa o lalagyan. Sabihin sa bata na alugin ang tasa at itapon ang mga barya. Tanungin at sagutin ang mga tanong kung ilang kara/krus ang mayroon. Alin ang mas marami? Mas kaunti? Ilan sa bawat isa? Ilan ang lahat? | Sabihin sa bata na tumalon, lumukso, o lumundag nang katumbas ng bilang sa dalawang dice. Pag-usapan kung ilan sa bawat dice at kung ilan ang lahat. | mga butones o bola ng bulak sa isang plastik na tasa. Bilangin kung ilang bagay ang pumasok sa loob ng tasa at kung ilan ang napunta sa labas ng tasa. Mas marami ba ang pumasok sa loob ng tasa o napunta sa labas? |